
4

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 3: Mga Hangganan at Pagbabalanse ng Kapangyarihan ng mga Sangay ng Pamahalaan




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q3_AP 4_ Module 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 3: Mga Hangganan at Pagbabalanse ng Kapangyarihan ng mga Sangay ng Pamahalaan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Jason H. Hadap
**Editor:** Jerry P. Ramirez at Ma. Leilani R. Lorico
**Tagasuri:** Ana N. Calisura
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Edsel D. Doctama, Elizalde L. Piol
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad
Francisco B. Bulalacao Jr.
Grace U. Rabelas
Ma. Leilani R. Lorico
Imelda R. Caunca
Marites B. Tongco

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City, 4500 Philippines
Telefax: 0917-178-1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 3: Mga Hangganan at Pagbabalanse ng Kapangyarihan ng mga Sangay ng Pamahalaan

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Napag-aralan sa nakaraang modyul ang tatlong sangay ng pamahalaan na magkakaugnay – ang tagapagbatas, tagapagpaganap, at tagapaghukom. Nabatid mo ang saklaw nitong kapangyarihan at mga tungkulin.

Sa modyul na ito ay mapag-aaralan ang mga hangganan ng kapangyarihan ng mga sangay ng pamahalaan at ang pagbalanse ng kapangyarihan ng bawat sangay ng pamahalaan.

**Pamantayang Pangnilalaman**

Ang mag-aaral ay naipamamalas ang pang-unawa sa bahaging ginagampanan ng pamahalaan sa lipunan, mga pinuno at iba pang naglilingkod sa pagkakaisa, kaayusan, at kaunlaran ng bansa.

**Pamantayan sa Pagganap**

Ang mag-aaral ay nakapagpapakita ng aktibong pakikilahok at pakikiisa sa mga proyekto at gawain ng pamahalaan at mga pinuno nito tungo sa kabutihan ng lahat (common good).

**Pamantayan sa Pagkatuto**

Gabay ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nasusuri ang balangkas o istruktura ng pamahalaan ng Pilipinas.
2. Naipapaliwanag ang paghihiwalay ng kapangyarihan at *check and balance* ng mga sangay ng pamahalaan.

Sa palagay mo, bakit magkahiwalay ang mga kapangyarihan ng tatlong sangay ng pamahalaan? Bakit kailangan ang pagpupuna sa ipinatutupad na kapangyarihan ng bawat sangay ng pamahalaan?

## Subukin



Kumusta kaibigan? Alam mo ba kung sino at bakit ako narito? Ano kaya ang magiging papel ko sa pagsama sayo sa modyul na ito?

Ako ay si AP Lapis "*at your service*!" Ang magiging gabay mo sa bawat araling magpapatalas ng iyong isip. Nawa'y masiyahan ka habang ako ang iyong kasa-kasama.

Bago mo simulang pag-aralan ang tungkol sa saklaw ng kapangyarihan at *check and balance* ng sangay ng pamahalaan, subukin mo munang sagutan ang mga tanong tungkol dito.

Iguhit mo ang  kung ang pahayag ay nagsasabi tungkol sa *check and balance* at *separation of powers* at  naman kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 5 minuto.

____1. Ang bawat sangay ng pamahalaan ay malaya sa panghihimasok ng iba pang sangay.

____2. Ang *separation of powers* ng tatlong sangay ng pamahalaan ay isang hakbang para maiwasan ang pagmamalabis sa kapangyarihan.

____3. Sa ilalim ng *check and balance* ay maaaring punahin ang kamalian ng bawat sangay ng pamahalaan.

____4. Ang *separation of powers* ang may kapangyarihan sa pagsusuri at pagbabalanse ng bawat sangay ng pamahalaan.

____5. Nagkakaroon ng sabwatan ang mga sangay ng pamahalaan sa ilalim ng *check and balance*.

____6. Napagtatakpan ang kamalian ng bawat sangay kung may *check and balance*.


____7. Maiiwasan ang pagmamalabis sa kapangyarihan kung maayos na naipatutupad ang check and balance.

____8. Dapat na may mangibabaw na isang sangay ng pamahalaan batay sa kapangyarihan.

____9. Iginagalang ang kalayaan ng bawat sangay sa ilalim ng *check and balance*.

____10. Ang pamumuno ay may kalakip ding pananagutan at pakikipagkaisa at pantay na pagtingin, mapatao man ito o mapapamahalaan.

# Aralin 1 *Separation of Powers* at *Check and Balance* sa mga Sangay ng Pamahalaan



## *Balikan*

Balikan ang iyong napag-aralang modyul sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Basahin ang bawat pangungusap at piliin ang sagot na makikita sa kahon. Gawin ito sa loob ng 3 minuto sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| Pangulo | Kongreso | Sangay |
| Hurado | Tagapagbatas | Tagapaghukom |

1. Pinamumunuan ng _________ ng bansa ang Sangay na Tagapagpaganap.
2. Magkakaugnay ang lahat ng mga _______ ng pambansang pamahalaan.

3. Ang Sangay na __________ ay kinabibilangan ng mga mambabatas.
4. Ang Sangay na Tagapaghukom ay binubuo ng mga piling ________.
5. Ang Kapulungan ng mga Kinatawan at Senado ay ang kapulungan ng Tagapagbatas na tinatawag ring ________.

## *Tuklasin*

Mga pinuno ng bansa
May kapangyarihang tinatamasa
Ngunit dapat paggamit nito ay tama
Upang umunlad ang bansa.

Nabasa mo ang pahayag sa itaas? Ano kaya ang nais nitong ipahatid? Ano ang kaugnayan nito sa ating aralin? (Pagnilayan sa loob ng 2 minuto)



## *Suriin*

Pag-aralan ang mga konsepto na makikita sa talahanayan. Naaalala mo pa ba ang mga ito?

| **KAPANGYARIHAN AT TUNGKULIN NG TATLONG SANGAY NG PAMAHALAAN** | | |
|---|---|---|
| TAGAPAGBATAS | TAGAPAGPAGANAP | TAGAPAGHUKOM |
| Gumagawa ng batas | Nagpapatupad ng mga batas | Nagpapaliwanag ng mga batas |
| Mga Senador at Kongresista | Gabinete | 1 Punong Mahistrado<br>14 na mga kasamang mahistrado |

Basahin at unawain ang talata sa loob ng kahon.

**SEPARATION OF POWERS**

- Malinaw na isinasaad sa Konstitusyon ang mga hangganan ng kapangyarihan ng mga sangay ng pamahalaan. Ito ang tinatawag na *separation of powers* ng tatlong sangay. Malaya ang bawat sangay ng pamahalaan na gumawa ng desisyon bilang pagtupad sa kanilang tungkulin at gawain. Hindi maaaring makialam ang alin mang sangay sa kani-kanilang gawain maliban kung ito ay may paglabag sa kapangyarihang nakatadhana ng Saligang Batas.

**CHECK AND BALANCE**

- Kapag nagmalabis sa kaniyang kapangyarihan ang isang sangay, maaari siyang punahin ng alin mang sangay. Ito ang pagsusuri at pagbabalanse o *check and balance* ng kapangyarihan ng bawat isang sangay ng pamahalaan. Ang kalabisan sa kapangyarihan ay kaagad natitigil sapagkat maraming mata ang nakamatyag upang matiyak na wasto ang ginagawa ng bawat isa. Sa ganitong paraan, maiiwasan ang pagkakamali ng kapangyarihan ng bawat sangay.

**IMPEACHMENT**

Ito ay proseso kung saan ang isang mataas na opisyal (tulad ng pangulo, Pangalawang Pangulo, Mahistrado, Ombudsman at mga kasapi ng Komisyong Konstitusyunal) ng pamahalaan ay inaakusahan ng katiwalian na maaaring matanggal sa tungkulin o puwesto ang opisyal kung ito ay mapatunayan.

Ano ang naunawaan mo sa mga salitang *separation of powers* at *check and balance* sa kapangyarihan ng mga sangay ng pamahalaan? Ipaliwanag mo nga ang mga ito?



## *Pagyamanin*

**Gawain 1.** Isaayos ang mga titik upang mabuo ang salitang may kinalaman sa iyong aralin at isulat ang kahulugan nito. Hanapin sa kahon ang tamang paglalarawan dito. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 2 minuto.

| |
|---|
| Hangganan ng kapangyarihan ng mga sangay ng pamahalaan. |
| Malayang pagpuna o panghihimasok ng iba pang sangay. |

1. **CKEHC** **DAN** **NCEALAB**

Sagot: ______________________________________________

Kahulugan: __________________________________________

2. **INORATAPES** **FO** **ERWSOP**

Sagot: ______________________________________________

Kahulugan: __________________________________________

**Gawain 2. COLOR ME.** Kulayan ang bituin ng dilaw ( ☆ ) kung ang pahayag ay nagsasabi ng katotohanan tungkol sa iyong aralin at pula ( ★ ) naman kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel sa loob ng 2 minuto.

☆ 1. Nagkakaroon ng sabwatan ang mga sangay ng pamahalaan sa ilalim ng *check and balance.*

☆ 2. Napagtatakpan ang kamalian ng bawat sangay kung may *check and balance.*

☆ 3. Sa ilalim ng *check and balance* ay maaaring punahin ang kamalian ng bawat sangay ng pamahalaan.

☆ 4. Dapat na may nangingibabaw na isang sangay ng pamahalaan batay sa kapangyarihan.

☆ 5. Sa pamahalaan ng Pilipinas ay maayos na naipatutupad ang paggamit ng *check and balance.*



## *Isaisip*



Ayusin ang magkakahiwalay na salita para mabuo ang mga konseptong tinalakay sa modyul. Ilagay ang sagot sa *Ladder Organizer*. Pakatandaan ang mga ideyang iyong mabubuo.
Magbigay din ng sariling paliwanag sa nabuong konsepto. Gawin ito sa loob ng 3 minuto sa iyong sagutang papel.

| |
|---|
| Sa kapangyarihan kung ang saklaw |
| Maiiwasan ang pag-abuso |
| lamang ng bawat sangay ang |
| Hahawakang tungkulin o gawain |
| |
| |
| |
| |

Paliwanag sa nabuong konsepto:

## *Isagawa*



Nasiyahan ka ba sa mga natapos mong gawain?

Ngayon naman ay sagutan ang mga katanungan sa bahaging ito sa loob ng 5 minuto.

**Gawain 1.** Basahin at isulat sa sagutang papel ang iyong palagay o opinyon sa sitwasyon.

Ang isang mataas na opisyal ng pamahalaan ay pinaparatangan ng korapsyon dahil sa paggamit ng kanyang posisyon para sa sariling kapakanan. Maraming ebidensya at isyu ang inuugnay sa kanya.

Tanong: Sa iyong palagay maaari bang matanggal sa posisyon ang mataas na opisyal na ito? Anong proseso kaya ang isasagawa upang imbestigahan ang naturang isyu?

**Gawain 2**. Lagyan ng tsek ang hanay ng pahayag na sa palagay mo ay iyong gagawin kung ikaw ay nasa bawat sitwasyon o gawain. Kopyahin ang talahanayan at sagutan ito sa iyong papel.

| Sitwasyon o Gawain | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Isusumbong ko sa kinauukulan ang mga katiwalian o pang-aabuso sa kapangyarihan. | | |
| 2. Pakikialaman ko ang tungkulin ng ibang opisyal para gumanda ang imahe ko nsa mga tao. | | |
| 3. Makikipagsabwatan ako sa ibang opisyal para sa pansarili kong interes. | | |
| 4. Ginagawa ko ang tungkulin na nakaatang sa akin bilang isang opisyal ng pamahalaan. | | |
| 5. Dapat ang aking opinyon o boses lang ang pakikinggan ng aking mga kasama. | | |



## *Tayahin*

**Gawain 1.** Isulat ang salitang WASTO kung tama ang pahayag at HINDI WASTO kung mali ang pahayag. Isulat ang iyong kasagutan sa sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 2 minuto.

1. Ang sangay na tagpagbatas ay nagpapatupad ng mga batas.
2. Ang sangay na tagapagpaganap ay nagbibigay ng interpretasyon ng batas.
3. Ang sangay na tagapaghukom ang nagpapatupad ng batas.
4. Ang *separation of powers* ng tatlong sangay ng pamahalaan ay isang hakbang upang maiwasan ang pagmamalabis sa kapangyarihan.
5. Limitado ang kapangyarihan ng bawat sangay ng pamahalaan.

**Gawain 2.** Basahin at piliin ang titik ng tamang sagot sa bawat bilang. Isulat ang titik ng sagot sa sagutang papel. Gawin ito sa loob ng 3 minuto.

1. Alin sa mga sumusunod ang proseso ng batas na maaring matanggal ang isang mataas na opisyal ng pamahalaan?
   A. *Veto Power*
   B. *Check and Balance*
   C. *Impeachment*
   D. *Separation of Powers*

2. Kapag may pagsusuri at pagbabalanse ng kapangyarihan, maiiwasan ang ______________.
   A. Pananakop ng ibang bansa
   B. Pagmamalabis sa kapangyarihan
   C. Pakikipag-ugnayan sa ibang bansa
   D. Pangingibang-bayan ng mga mamamayan

3. Kapag may pagsusuri at pagbabalanse ng kapangyarihan ang bawat sangay ng pamahalaan, nangangahulugan na ____________.
   A. Mas marami ang kapangyarihan ng isang sangay
   B. Nanghihimasok ang mga sangay sa isa't isa
   C. May pagmamalabis ang bawat sangay
   D. Malaya ang bawat sangay

4. Hindi maaaring pakialaman ng alin mang sangay ang bawat isa maliban kung ______________.
   A. May kasunduan sila
   B. Nanghimasok ang mga sangay sa isa't isa
   C. Hindi nagkakasundo ang mga mambabatas
   D. May paglabag sa kapangyarihang nakasaad sa Saligang Batas

5. Sa kabila ng paghihiwalay ng kapangyarihan ng mga sangay, pinangangalagaan nila ang kanilang tungkulin dahil ___________.

A. Malaya ang bawat sangay sa isa't isa
B. Magkakaugnay pa rin ang mga sangay
C. May *check and balance* ng bawat sangay
D. Iisa lamang ang pinanggagalingan ng kanilang kapangyarihan

## *Karagdagang Gawain*



Kumusta ang iyong nakuhang iskor sa Pagtataya? Nasiyahan ka ba sa iyong mga ginawa sa araling ito?

Narito ang inihandang gawain para mapaunlad pa ang kaalaman tungkol sa aralin.

Kumpletuhin ang pangungusap sa pamamagitan ng pagsulat ng nawawalang salita sa mga patlang nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang pagkakaroon ng ____________ ng kapangyarihan ng bawat sangay ng __________ ay makakatulong upang matiyak na ang ginagawa ng bawat isang sangay ay naaayon sa ______________.

(Pamahalaan, Paghihiwalay, Saligang Batas)

# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**

1. ☹
2. ☺
3. ☺
4. ☺
5. ☹
6. ☹
7. ☺
8. ☹
9. ☺
10. ☺

**BALIKAN**

1. PANGULO
2. SANGAY
3. TAGAPAGBATAS
4. HURADO
5. KONGRESO

**PAGYAMANIN**

**GAWAIN 1**

CHECK AND BALANCE
Malayang pagpuna o panghihimasok ng iba pang sangay.

SEPARATION OF POWERS
Hangganan ng kapangyarihan ng mga sangay ng pamahalaan.

**Pagyamanin**

**GAWAIN 2**



## ISAISIP

Maiiwasan ang pag-abuso sa kapangyarihan kung ang saklaw lamang ng bawat sangay ang hahawakang tungkulin o gawain.

## ISAGAWA

**GAWAIN 1**
Maaring iba iba ang sagot

**GAWAIN 2**

| Sitwasyon o Gawain | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Isusumbong ko sa kinauukulan ang mga katiwalian o pang-aabuso sa kapangyarihan. | √ | |
| 2. Pinakakialaman ang tungkulin ng ibang opisyal para gumanda ang imahe sa mga tao. | | √ |
| 3. Makikipagsabwatan sa ibang opisyal para sa pansariling interes. | | √ |
| 4. Ginagawa ang tungkulin na nakaatang bilang isang opisyal ng pamahalaan. | √ | |
| 5. Dapat ang iyong opinion o boses lang ang pakikinggan ng iyong mga kasama. | | √ |

**TAYAHIN**

**GAWAIN 1**

1. HINDI-WASTO
2. HINDI-WASTO
3. HINDI-WASTO
4. WASTO
5. WASTO

**GAWAIN 2**

1. C
2. B
3. D
4. D
5. B

**KARAGDAGANG GAWAIN**

Ang pagkakaroon ng paghihiwalay ng kapangyarihan ng bawat sangay ng pamahalaan ay makatutulong upang matiyak na ang ginagawa ng bawat isang sangay ay naaayon sa Saligang Batas.

## *Sanggunian*

Adriano, M. V., Caampued, M. A., & Capunitan, C. A. (n.d.). *Araling Panlipunan – Ikaapat na Baitang* (2015 ed.). Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph